DV-120-INFO T Paano Ko Sasagutin ang Kahilingan para sa Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan Dahil sa Karahasan sa Tahanan?

Binigyan ako ng form DV-100, DV-109, o DV-110. Ano ang ibig sabihin nito?

May isang tao na humiling ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan dahil sa karahasan sa tahanan laban sa iyo. Sa mga form, ikaw ang "indibidwal sa (2)" at ang indibidwal na gusto ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa iyo ay nakalista sa (1) sa lahat ng form.

Form DV-100: Ang form na ito ay mayroon ng lahat ng utos na ang indibidwal sa (1) ay hiniling sa hukom na iutos.

Form DV-109: Ang iyong pagdinig ng hukuman (petsa hukuman) ay nakalista sa form na ito. Dapat kang dumalo sa pagdinig ng hukuman kung hindi ka sumasang-ayon sa mga hiniling na utos. Kung hindi ka dadalo, maaaring magbigay ang hukom ng utos laban sa iyo nang walang naririnig mula sa iyo.

Form DV-110: Kung binigyan ka ng form DV-110, nangangahulugan ito na nagbigay ang hukom ng pansamantalang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa iyo. Dapat mong sundin ang mga utos.

Ano ang Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan Dahil sa Karahasan sa Tahanan?

Ito ay isang utos ng hukom na makakatulong sa pagprotekta sa mga taong inabuso ng isang taong nagkaroon ng matalik na kaugnayan, o malapit na nauugnay sa kanya. Upang maging karapat-dapat, ang taong humihiling ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan ay kailangang:

- Isang taong ka-date mo o dating ka-date
- Asawa, dating-asawa, o nakarehistrong domestic partner, o dating-domestic partner
- Isang taong kasama mo sa tirahan o dati mong kasama sa tirahan (higit pa sa roomate)
- Iyong magulang, kapatid, anak, lolo o lola, o apo na kadugo, o nauugnay sa pamamagitan ng kasal, o pag-ampon

Paano kung mayroon akong mga anak sa indibidwal na na humihiling ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan?

Maaaring kasama sa utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan ang mga utos para sa iyong mga anak, kabilang ang paglilista sa kanila bilang mga protektadong indibidwal. Maaari ring kasama rito ang kustodiya sa anak at mga utos sa pagbisita at mga utos para limitahan ang iyong kakayahang bumiyahe kasama ang iyong mga anak.

Ano ang nagagawa ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan?

Maaaring kasama sa utos ng papgbabawal na makipag-ugnayan ang mga utos para ikaw ay:

- Hindi makipag-ugnayan o magdulot ng pinsala sa protektadong indibidwal, kabilang ang mga anak o iba pang nakalista bilang mga protektadong tao
- Lumayo sa lahat ng protektadong tao at lugar
- Hindi magkaroon ng anumang mga armas (mga baril), bahagi ng armas, bala, o pangproteksyon sa katawan. Kabilang dito ang gawa sa bahay o mga hindi masusubaybayang baril, tulad ng "mga ghost gun."
- Umalis sa lugar na kasama mo ang protektadong indibidwal
- Sumunod sa mga utos sa kustodiya at pagbisita
- Magbayad ng sustento sa anak
- Magbayad ng sustento sa asawa
- Magbayad ng utang para sa ari-arian
- Ibigay ang kontrol sa ari-arian (mga halimbawa: cell phone, kotse, bahay) sa indibidwal na humihingi ng proteksyon.

Gaano katagal ang utos?

Kung nagbigay ang hukom ng pansamantalang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan (form DV-110), magtatagal ito hanggang sa petsa ng pagdinig. Sa iyong pagdinig sa hukuman, magpapasya ang hukom kung palalawigin ang utos o kakanselahin ang utos. Maaaring palawigin ng hukom ang utos ng hanggang limang taon. Ang mga utos sa kustodiya, pagbisita, sustento sa anak, at sustento sa asawa ay maaaring magtagal nang mahigit sa limang taon at hindi magtatapos ang mga ito kapag nagtapos na ang utos pagbabawal na makipag-ugnayan.

Paano kung hindi ko sinusunod ang utos?

Maaari kang arestuhin ng pulis. Maaari kang makulong at magbayad ng multa. Kailangan mo pa ring sundin ang mga utos kahit hindi ka mamamayan ng U.S. Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon, makipag-usap sa isang abogado sa imigrasyon.

Paano kung gusto umalis sa county o estado?

Kailangan mo pa ring sumunod sa utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan, kabilang ang mga utos sa kustodiya o pagbisita. Ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan ay may bisa saan man sa Estados Unidos.

DV-120-INFO T Paano Ko Sasagutin ang Kahilingan para sa Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan Dahil sa Karahasan sa Tahanan?

Ano ang susunod kong gagawin?

Bahagi 1: Isuko o ibenta ang mga ipinagbabawal na bagay

Kung mayroong pansamantalang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa iyo (tingnan ang form DV-110), kailangan mong isuko, ibenta, o imbakin agad ang anumang mga ipinagbabawal na bagay na mayroon ka o pag-aari mo. Kabilang sa mga ipinagbabawal na bagay ang:

- **Mga armas,** kasama anumang handgun, rifle, shotgun, at armas na pang-atake
- **Mga bahagi ng armas,** nangangahulugan na ang mga receiver, frame, at anumang bagay na maaaring gamitin bilang o madaling gawing receiver o frame
- **Bala,** kasama ang mga bala, shell, cartridge, at clip

Pagkatapos ay kailangan mong patunayan sa hukuman na sinunod mo ang mga utos. Dalhin ang form DV-800/JV-270, *Resibo para sa mga Armas, Bahagi ng Armas, at Bala,* sa isang nagbebenta ng baril o tagapagpatupad ng batas kapag isuko mo ang iyong mga bagay. Pagkatapos makumpleto ang DV-800/JV-270, ihain ito sa hukuman. Humingi sa hukuman ng impormasyon tungkol sa kung paano isusuko, ibebenta, o iimbakin ang mga bagay na ito sa tamang paraan sa iyong lungsod o county. Maaari mo ring basahin ang form DV-800-INFO/JV-270-INFO, *Paano Ko Isusuko, Ibebenta, O Iimbak ang Aking Mga Armas, Bahagi ng Armas, at Bala?*.

Bahagi 2: Isuko ang pangprotekta ng katawan

Kung mayroong pansamantalang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa iyo (tingnan ang form DV-110), kailangan mong isuko ang anumang pangprotekta ng katawan na mayroon ka o nasa pag-aari mo.

Tandaan: Kung kailangan mong magkaroon at gumamit ng pangprotekta ng katawan para sa iyong trabaho, kabuhayan, o kaligtasan, maaari kang humingi ng eksepyon sa hepe ng pulisya o sheriff sa county kung saan ikaw ay magkakaroon o gagamit ng pangprotekta ng katawan (tingnan ang seksyon 31360(c) ng Penal Code).

Bahagi 3: Tumugon sa pamamagitan ng pagsulat (opsyonal)

Ang "pagatugon" ay nangangahulugan ng pagpapaalam sa hukom at sa kabilang panig kung sumasang-ayon ka o hindi sumasang-ayon sa kahilingan para sa utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan, at kung bakit. Ang pagtugon sa pamamagitan ng pagsulat ay opsyonal at walang parusa kung hindi mo gagawin. Kung kailangan mo ng mas maraming oras para paghandaan ang iyong kaso, makipag-usap sa isang abogado o kawani sa sentro ng sariling pagtulong self-help center bago ka maghain ng pagtugon.

Kung gusto mong tumugon sa pamamagitan ng pagsulat, kumpletuhin ang form DV-120, *Tumugon sa Kahilingan para sa Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan Dahil sa Karahasan sa Tahanan.* Pagkatapos mong makumpleto ang form, ihain ito sa hukuman. Walang singil ng hukuman sa paghahain ng form na ito. Pagkatapos ay "ibigay" ang form sa indibidwal humihingi ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan. Ang "ibigay" ay nangangahulugan ng pagpapadala sa isang taong 18 taong gulang o mas matanda pa ng kopya sa indibidwal na humihingi ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan. Hindi maaaring ikaw mismo ang magpadala ng iyong mga papeles sa koreo. Ang indibidwal na magpapadala sa koreo ng iyong form ay dapat punan ang form DV-250, *Legal na dokumento na ipinapakita na natanggap ng partido ang mga legal na dokumento mula sa ibang partido (Proof of Service) sa pamamagitan ng koreo.* Pagkatapos makumpleto ang form DV-250, ihain ito sa hukuman.

Bahagi 4: Maghanda at pumunta sa pagdinig sa hukuman

Ang iyong pagdinig sa hukuman ay nakalista sa form DV-109, *Paunawa ng Pagdinig sa Hukuman.* Mayroon kang opsyon na dumalo sa iyong pagdinig nang-personal o nang malayo (sa pamamagitan ng telepono, o videoconference kung mayroon nito). Para sa impormasyon tungkol sa kung paano dumalo sa iyong pagdinig nang malayo, pumunta sa website ng hukuman. Ang ilang hukuman ay maaaring mangailangan ng paunang abiso. Sa pagdinig, ikaw at ang kabilang panig ay magkakaroon ng pagkakataong sabihin ang iyong panig ng kuwento. Para sa pang impormasyon, basahin ang form DV-520-INFO, *Maghanda para sa Pagdinig sa Hukuman para sa Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan.* Kung kailangan mo ng marami pang oras para paghandaan ang iyong kaso, maaari kang humiling sa hukom ng bagong petsa sa hukuman. Pagpapasyahan ng hukom kung igagawad ang iyong kahilingan. Basahin ang form DV-115-INFO, *Paano Humiling ng Bagong Petsa ng Pagdinig,* para sa higit pang impormasyon. Tandaan na kung bigyan ka ng hukom ng bagong petsa sa hukuman at kung mayroong pansamantalang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa iyo, karaniwang pinalalawig ng hukom ang pansamantalang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan hanggang sa susunod na petsa sa hukuman.

DV-120-INFO T Paano Ko Sasagutin ang Kahilingan para sa Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan Dahil sa Karahasan sa Tahanan?

Kailangan ko ba ng abogado?

Posibleng dumaan ka sa prosesong ito nang walang abogado. Ngunit ang pagkakaroon ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa iyo ay maaaring magkaroon ng maraming kahihinatnan, at maaaring gustuhin mong kumuha ng abogado. Kung hindi ka kukuha ng abogado, maaari kang makakuha ng libreng tulong mula sa -sentro ng sariling pagtulong ng iyong hukuman.

Paano kung naaresto ako o may mga kasong kriminal laban sa akin?

Ang anumang bagay na isusulat mo sa iyong mga dokumento sa hukuman o sasabihin sa pagdinig para sa kasong ito o para sa anumang kasong kriminal ay maaaring magamit laban sa iyo. Makipag-usap sa isang abogado kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin at sabihin.

Paano kung mayroon akong mahigit sa isang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa akin?

Kung tinawagan ang pulisya upang ipatupad ang utos, kakailanganin nilang sundin ang mga patakaran sa pagpapatupad (tingnan ang "Prayoridad sa Pagpapatupad") na nakalista sa likod ng form DV-110, DV-130, at CR-160). Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa alinman sa mga utos laban sa iyo, makipag-ugnayan sa iyong lokal na -sentro ng sariling pagtulong o makipag-usap sa isang abogado. Hanapin ang lokal na -sentro ng sariling pagtulong ng iyong hukuman sa www.selfhelp.courts.ca.gov/find.

Paano kung kailangan ko ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa ibang tao?

Huwag gamitin ang form DV-120 para humiling ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan dahil sa karahasan sa tahanan. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano magsampa ng sarili mong utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan, basahin ang form DV-505-INFO. Maaari ka ring magtanong sa klerk ng hukuman tungkol sa libre o murang ligal na tulong.

Maaari ko bang gamitin ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan upang makapagdiborsyo o tapusin ang domestic partnership?

Hindi. Ang mga form na ito ay hindi mtatapusin ang iyong kasal o nakarehistrong domestic partnership. Kailangan mong maghain ng ibang mga form upang tapusin ang iyong kasal o nakarehistrong domestic partnership.

Saan ako makakahanap ng isang -sentro ng sariling pagtulong?

Mayroong libreng ligal na tulong sa sentro ng -sariling pagtulong ng iyong hukuman. Hanapin ang lokal na -sentro ng sariling pagtulong ng iyong hukuman sa www.selfhelp.courts.ca.gov/find. Ang mga kawani sa -sentro ng sariling pagtulong ay hindi kikilos bilang iyong abogado ngunit maaaring makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang tulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at tulungan ka sa mga form. Maaari ka ring isangguni ng kawani sa iba pang mga ahensya na maaaring makatulong sa iyo.

Makukuha rin sa online ng impormasyon tungkol sa proseso ng hukuman

https://selfhelp.courts.ca.gov/respond-to-DV-restraining-order

Paano kung biktima ako o nakaligtas sa karahasan sa tahanan?

Ang Pambansang Hotline sa Karahasan sa Tahanan (National Domestic Violence Hotline) ay nagbibigay ng mga libre at pribadong payo sa kaligtasan. Mayroong tulong sa mahigit na 100 na wika. Bumisita sa online sa www.thehotline.org o tumawag sa 1-800-799-7233; 1-800-787-3224 (TTY).

Paano kung kailangan ko ng interpreter?

Maaari mong gamitin ang form INT-300 upang humiling ng interpreter o hilingin sa klerk kung paano makakahiling nito.

Kahilingan para sa mga Akomodasyon

Maaari mong gamitin ang form MC-410 para humingi ng tulong. Kontakin ang coordinator para sa kapansanan/ADA sa iyong lokal na hukuman para sa higit pang impormasyon.

Ang mga sistema ng pagtulong sa pakikinig, real time na -captioning sa tulong ng computer, o mga serbisyo ng interpreter ng sign language ay makukuha kung hihiling ka ng hindi bababa sa limang araw bago ang pagdinig. Kontakin ang opisina ng klerk o pumunta sa www.courts.ca.gov/forms.htm para sa *Kahilingan para sa Akomodasyon sa May Kapansanan* (form MC-410). (Kodigong Sibil seksyon 54.8.)

Para sa inyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang I-clear itong form na buton matapos niyong iprinta ang form.

I-printa itong form | I-save itong form | I-clear itong form